LEVEL 3

# Leveled Reader

## in Filipino

# Natuto nang Tumawa si Rene




Isinulat ni Rohini Nilekani

Iginuhit nina Angie at Upesh



Isang masipag na magsasaka si Rene. Siya ang nagtatanim ng mga pinakamalusog at pinakamatatamis na saging sa kanilang lugar.



Ngunit ang pagsimangot din niya ang pinakanakatatakot sa buong lugar nila. Kapag galit si Rene ay lumalabas ang napakaraming malalim na kulubot sa kaniyang noo. Kapag siya ay nagagalit, namumula ang kaniyang ilong at tumatalim ang kaniyang mga mata.



Kapag sumimangot si Rene ay nagtatakbuhan ang lahat ng tao papalayo.
Nagtatago ang kaniyang asawa at mga anak, maging ang kaniyang mga kaibigan.
Nagtatakbuhan din palayo ang kaniyang mga alagang baka at aso. Kahit ang mga uwak ay nagliliparan kapag nagsimulang sumimangot si Rene.



Palaging nakasimangot si Rene. Nakasimangot siya kapag hindi maganda ang pagtubo ng kaniyang mga pananim. Nakasimangot siya kapag walang oras ang kaniyang barbero upang gupitan ang kaniyang buhok. Nakasimangot siya kapag hindi gumagana ang TV. Sa lahat ng pangyayari, nakasimangot siya.



Isang araw, pumunta si Rene sa kaniyang taniman ng saging para tingnan ang mga bunga nito. Hindi maganda ang lagay ng kaniyang loob at walang nakaaalam kung bakit.



Agad pinuntahan ni Rene ang pinakamalaking bunga ng saging. Napakalaking bungkos nito. Napakalaki ng bunga nito. Gagawa siya ng pinakamatamis na *bananacue* sa kanilang lugar. Napalitan ng kaunting ngiti ang kaniyang nakasimangot na mukha.



Biglang dumating ang grupo ng mga unggoy na nagpalipat-lipat mula sa mga kalapit na puno. Agad na umakyat sa pinakamalaking bungkos ng saging ang pinakamalaking unggoy sa lahat na may pulang balahibo sa puwit. Walang sawang tinitigan ito ni Rene.



Dahil dito, muling sumimangot si Rene. Sumimangot siya nang sumimangot hanggang sa iyon ang naging pinakamatindi niyang pagsimangot. Nagsimula ito sa kaniyang mukha hanggang sa umabot sa kaniyang ulo pababa sa kaniyang mga daliri sa paa.



Kahit ang unggoy na may pulang balahibo sa puwit ay nagulat sa kaniyang nakita. Hindi pa siya nakakita ng ganoon kalalang pagsimangot.
Nabitawan ng unggoy ang saging na hindi pa tapos balatan.
Agad-agad naman itong tumalon sa pinakamalapit na puno at tuluyang lumayo.



Ngayong malayo na ang unggoy, ligtas na ito mula sa nakatatakot na pagkasimangot ni Rene.



Nakita ni Rene na patalon-talong tumatakas ang unggoy mula sa isang puno patungo sa isa pa. Hinabol niya ang unggoy dahil gusto niya itong turuan ng aral.



Habang hinahabol niya ang unggoy ay naapakan niya ang balat ng saging at siya ay nadulas.

"Araaay!" sigaw ni Rene.

Natumba si Rene at nalubog sa putikan ang kaniyang tsinelas.




Agad na bumangon si Rene upang habuling muli ang unggoy. “Araaaay!” sigaw ni Rene. Muli siyang natumba.



Muli siyang napaupo. Punong-puno ng mga dahon, putik, at munting sanga ang kaniyang bibig. Nang tumingala siya ay wala na ang mga unggoy.



Tiningnan ni Rene ang kaniyang sarili. Ang maganda niyang damit ngayon ay naging kulay-putik. Sugat-sugat ang marumi niyang kamay. Hindi na niya makita ang kaniyang mga paa. Parang nakahalo na ang mga ito sa putikan.



Napagtanto niyang nagmukha na siya ngayong katawa-tawa. Ang Reneng kilalang magsasaka ay katawa-tawa. Nag-iisa siyang nakaupo sa tumpok ng mga dahon, putik, at mga sanga. Nakakatawa siya.



At biglang natawa si Rene.
Munting ngiti lamang noong una.
“He-he-he,” sabi ni Rene.
Hanggang sa unti-unting lumakas.
“Ha-ha-ha!” tawa ni Rene.




Habang lumalakas ang tawa ni Rene ay gusto niya pang tumawa nang mas malakas. Hanggang sa lumakas na nga ang kaniyang tawa.

"Ha-ha-ha!"

At mas lumakas pa! Napahawak na siya sa kaniyang sikmura at gumulong-gulong sa putikan.

"HA HA HA HA HAAAA!"

Tumulo na ang kaniyang luha sa katatawa.



Parang naging musika ang kaniyang tawa na nag-imbita sa mga ibon. Napakalakas ng tawa ni Rene na kahit ang mga unggoy ay nagsibalikan. Nakahahawa ang kaniyang tawa kaya ang mga bata ay pumaroon. Nakapapanibago ang kaniyang tawa kung kaya't ang buo niyang pamilya ay lumabas at nakinig din sa kaniyang pagtawa.



Napakalakas ng tawa ni Rene na napatawa na rin ang iba. Humuni ang mga ibon. Nag-ingay ang mga uwak. Napangisi pati ang mga unggoy. Tumawa na rin ang mga bata. Umindayog ang mga puno ng saging. Napangiti ang barbero. Pati ang tigre ay napangisi.



Natapos na ang tawa ni Rene.
Ang lahat ng kasamahan niya
ay napakasaya na. Natuwa na
rin siya.
"Tara! Umuwi na tayo," sabi
niya habang hawak-hawak
ang kamay ng kaniyang mga anak.
Paminsan-minsan ay sumisimangot
pa rin si Rene. Pero ngayon ay
natututo na siyang tumawa.

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI INTERNATIONAL

The Asia Foundation